- Contains no requirement for a timely permitting process nor a prohibition on duplicative processes. This means **permits may be delayed** and the **same issues can be reviewed more than once** before *final* approval.
- Allows each coastal district the power to **overlay State statutes relating to air, water,** and **land** with more stringent standards than those required by the State or Federal government.
- Allows a district to **veto a permit** based on additional standards that may have no scientific basis - even if a landowner or project developer **meets all State and Federal requirements.**
- Defines "coastal use or resource" to mean **ANY** land or water use or natural resource of the coastal zone including **public access, recreation,** development, scenic and **aesthetic enjoyment,** etc.
- Allows any local district to regulate any activity if the district determines it has a direct and significant impact on a coastal use or resource – dramatically **extending the program miles in-land from coastal areas.**

In short, this measure may create a crippling web of bureaucracy and conflicting rules that have not been subject to public scrutiny and serious review. It does not reinstate the old coastal program but instead creates a new powerful statewide board unaccountable to voters. It opens the door to dangerous, never ending legal and political battles over Alaska's resources.

Ballot Measure 2 will create unnecessary barriers to development and harm job creation and economic growth. **Vote No on Ballot Measure 2.**

Rachael Petro, President/CEO, Alaska State Chamber of Commerce

The statement printed on this page is the opinion of the author(s) and is presented as submitted to the Division of Elections.

Pangunahing Halalan

Agusto 28, 2012

BUMOTO

State ng Alaska

Pamplet ng Mga Panukalang Batas

Talaan ng mga Nilalaman

Araw ng Pangunahing Halalan ay sa Martes, Agusto 28, 2012

Muling Pagdidistrito 41
Mga Lugar ng Pagbobotohan 44
Impormasyon sa Pagboto 45
Karapatan ng Botante, Tulong at Mga Alalahanin 46
Mga Balotang Pagpipilian sa Pangunahing Halalan 47
Pagboboto Para sa Mga Hindi Makakarating..... 48
Aplikasyon ng Balota Para sa Mga Hindi Makakarating..... 49
Halimbawang Balota..... 51
Panukalang Batas Bilang 1 53
Panukalang Batas Bilang 2 57

Tulungan ang Iyong Komunidad!

Kung gusto mong mabayaran sa paglilingkod sa iyong komunidad ……

Kung ikaw ay nasisiyahan sa paggugul ng oras kasama ang iyong mga kapitbahay at sa pakikipagkilala ng mga bagong tao ……

Kung gusto mong tumulong sa mga taong bayan na tumupad sa kanilang karapatan na makaboto ……

Lumagda na upang maging isang trabahador sa presinto!

Sa bawat siklo ng halalan, ang rehiyonal na mga opisina ng halalan ay nagtatalaga ng daan-daang mga trabahador sa presinto.

Kung ikaw ay nais na maging isang trabahador sa presinto, makipag-ugnay sa rehiyonal na opisina na pinakamalapit sa iyo.
(Ang mga kinaroroonan ng mga opisina ay nasa likod ng pampletong ito)

Muling Pagdidistrito 2012

Paliwanawag sa mga Pagbabago ng mga Distrito ng Bahay at Senado sa Alaska

Kada sampung taon, pagkatapos ng pederal na sensus, ang mga estado ay dapat na gumuhit muli ng kanilang mga lehislatibong mga distrito para gawin ang mga distrito na pantay sa populasyon. Sa panahon ng namamagitang mga taon na ang ilang mga distrito ay dumami ang populasyon at ang iba ay nawalan ng populasyon. Ang proseso ng pagguhit ng mga bagong hangganan ng lehislatibong distrito ay tinatawag na muling pagdidistrito. Sa Alaska, ang proseso ng muling pagdidistrito ay ginagawa ng Lupon ng Muling Pagdidistrito ng Alaska tulad ng nakabalangkas sa Artikulo VI ng Konstitusyon ng Alaska.

Sa pagtukoy ng mga hangganan ng mga bagong lehislatibong mga distrito, ang Lupon ng Muling Pagdidistrito ng Alaska ay dapat sumunod sa iba-ibang mga kinakailangang nakabalangkas sa konstitusyon ng Alaska pati na rin sa pederal na Batas sa mga Karapatan sa Pagboboto. Ang ilan sa mga pangunahing mga kinakailangan ay nagtutukoy na ang mga distrito ay dapat na mayroong pantay na populasyon, maging siksik at mayroong isang buong sosyo-ekonomikong pook. Dagdag pa dito, ang mga distrito ay dapat na maiguhit sa isang paraan na hindi nagtatangi laban sa mga minority na mga botante.

Ang 2012 na Pangunahin at Pangkalahatang mga halalan ay isasagawa sa ilalim ng bagong muling pagdidistritong plano na pinagtibay ng Lupon ng Muling Pagdidistrito ng Alaska. Manyaring tignan ang mapa ng muling pagdidistrito tulad ng pinagtibay ng Lupon ng Muling Pagdidistrito ng Alaska. Isang talaan na naglalarawan sa bagong mga distrito ng bahay at senado ay sumusunod.

Ang iyong distrito ng bahay at senado ay nakalimbag sa iyong kard ng rehistrasyon ng botante. Para sa mas marami pang impormasyon tungkol sa iyong distrito ng bahay at senado, manyaring tumawag sa iyong rehiyonal na opisina ng mga halalan.

Rehiyon I – Juneau
Mga Bahay Distrito 28-35
(907) 465-3021
Libreng Toll 1-866-948-8683

Rehiyon II – Anchorage
Mga Bahay Distrito 12-27
(907) 522-8683
Libreng Toll 1-866-958-8683

Rehiyon II – Mat-Su
Mga Bahay Distrito 7-11
(907) 373-8952

Rehiyon III – Fairbanks
Mga Bahay Distrito 1-6, 38-39
(907) 451-2835
Libreng Toll 1-866-959-8683

Rehiyon IV – Nome
Mga Bahay Distrito 36-37, 40
(907) 443-5285
Libreng Toll 1-866-953-8683

Estado ng Alaska
Sangay ng mga Halalan
Mga Paghirang ng Mga Distrito ng Bahay at Senado

Batay sa “Sinugsug na Pagpapahayag ng Muling Pagdidistrito” Abril 5, 2012

SENATE DISTRICT	HOUSE DISTRICT	HOUSE DISTRICT
A	**1** North Pole/Eielson	**2** Farmers Loop/Two Rivers
B	**3** Fairbanks/Wainwright	**4** City of Fairbanks
C	**5** Chena Ridge	**6** Richardson Highway
D	**7** Rural Mat-Su	**8** Greater Palmer
E	**9** Greater Wasilla	**10** Big Lake/Point McKenzie
F	**11** Butte/Chugiak	**12** Eagle River
G	**13** Elmendorf	**14** College Gate
H	**15** University	**16** Spenard
I	**17** Mountainview	**18** Downtown
J	**19** West Anchorage	**20** Sand Lake
K	**21** Oceanview	**22** Taku
L	**23** Huffman	**24** Abbott
M	**25** Basher	**26** Eagle River Valley
N	**27** South Anchorage	**28** North Kenai
O	**29** Kenai/Soldotna	**30** Homer/South Kenai
P	**31** Mendenhall Valley	**32** Downtown Juneau/Skagway/Petersburg
Q	**33** Ketchikan/Wrangell	**34** Southeast Islands
R	**35** Kodiak/Cordova	**36** Dillingham/Illiamna
S	**37** Bethel/Aleutians	**38** Wade Hampton/McKinley
T	**39** Bering Straits/Interior Villages	**40** Arctic

Amended Proclamation House Districts

Statewide



N

Legend

- City
- Borough
- Water Boundary

Prepared by:
Alaska Redistricting Board

Mga Lugar ng Pagbobotohan

Dahil sa muling pagdidistrito ng mga lehislatibong distrito, ang mga hangganan ng presinto at ang mga lugar ng botohan ay binago upang sumunod sa mga bagong distrito.

Sa Hulyo 2012, ang mga botante ay pinadalhan sa pamamagitan ng koreo ng isang bagong kard ng pagkakakilanlan para sa botante at abiso ng lugar ng pagbobotohan. Ang mga botante ay hinihikayat na pumunta sa kanilang mga nakatalagang lugar ng pagbobotohan. Kung ikaw ay pupunta sa isang ibang lugar ng pagbobotohan, ikaw ay kinakailangan na bumoto sa isang may tanong na balota.

Kung ikaw ay hindi sigurado kung saan ang iyong nakatalagang lugar ng pagbobotohan, ikaw ay mayroong mga sumusunod na mga karapatan:

- **I-scan ang bar code sa iyong bagong my.Alaska.gov na ID kard ng botante.**
- **Hanapin ang iyong lugar ng pagbobotohan sa pamamagitan ng paglagay ng iyong tirahan online sa:**

www.elections.alaska.gov

- **Tumawag sa pang-hanap ng mga Lugar ng Pagbobotohan sa 1-888-383-8683, o sa Anchorage, manyaring tumawag sa 269-8683.**
- **Tumawag sa iyong rehiyonal na opisina ng mga halalan:**
    - **Rehiyon I - Juneau**
      Mga Bahay Distrito 28 – 35
      907-465-3021 o Toll Free 1-866-948-8683
    - **Rehiyon II – Anchorage/Mat-Su**
      Mga Bahay Distrito 7 – 27
      907-522-8683 o Toll Free 1-866-958-8683
    - **Rehiyon III – Fairbanks**
      Mga Bahay Distrito 1-6, 38, 39
      907-451-2835 o Toll Free 1-866-959-8683
    - **Rehiyon IV – Nome**
      Mga Bahay Distrito 36, 37, 40
      907-443-5285 o Toll Free 1-866-953-8683

Ikaw rin ay maaaring tumingin kung ikaw ay nakarehistro at i-tsek ang iyong impormasyon sa rehistrasyon ng online!

www.elections.alaska.gov

Impormasyon sa Pagboto

Agusto 28, 2012 ang Araw ng Primary Eleksyon

Mga Lugar ng Botohan
Ang mga botohan ay bukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi sa Araw ng Eleksyon. **Para malaman ang lugar ng inyong botohan paki tawag sa 1-888-383-8683. Sa Anchorage, paki tawag sa 269-8683.**

Magdala ng ID sa Botohan
Ikaw ay KAILANGANG preparadong magpakita ng isang uri ng identifikasyon. Puedeng gamitin ang kahit ano sa mga sumusunod :

- Voter ID Card
- Driver's License
- State ID Card
- Current and valid photo ID Card
- Passport
- Military ID Card
- Birth Certificate
- Hunting o Fishing License

o, puedeng gumamit ng original copy ng isa sa mga sumusunod na dokumento kung meron itong pangalan o kasalukuyang address mo:

- Current Utility Bill
- Government Check
- Bank Statement
- Pay Check
- Ibang Pang gobyernong Dokumento

Kung wala kang ID pag boto mo, ikaw ay pabobotohin ng balotang questioned.

Ano ang Mangyayari kung Wala ang Pangalan mo sa Listahan
Kung wala ang pangalan mo sa registro ng presinto, puede kang bumoto ng balotang questioned. Bago tumanggap ng balota kailangang magkumpleto ka ng envelope ng balotang questioned. Ang ibonoto mong balota ay ilalagay sa secrecry sleeve at ito ay isisilyado sa loob ng kinompleto mong envelope ng balotang questioned. Lahat ng balotang questioned ay ibabalik sa Supervisor ng Eleksyon para pag-aralan at mabilang ng Review Board ng Balotang Questioned.

Pag Marka ng Balota
Pag boto ng balota, punuang mabuti ang oval katabi ng kandidato o isyu na gusto mong iboto. Punuan ang oval katulad nito: ⬬

Kailangan lang markahan ang mga laban o isyung gusto mong botohan. Kung nagmarka ka ng mahigit sa isang laban o isyu, ang seksyon ng balotang iyon ay HINDI bibilangin. Ang mga seksyon ng balota na namarkahan ng tama ay bibilangin.

Kung nagkamali ka sa pagmarka ng balota, HUWAG mag erase o itama ang balota. Puedeng ibalik ang balotang namalian sa trabahador ng eleksyon at humingi ng bagong balota. Kapag inatuhan mong itama ang pagkakamali mo sa balota, maaaring hindi mabilang ang itinama mong boto. ***Tandaan:*** Dalawang beses lamang puedeng magpalit para sa namaliang balota.

Bawal ang Pagkakampanya Malapit sa Botohan
Ang batas ng Alaska ay nagbabawal na mangampanya sa loob ng 200 talampakan sa kahit anong pasukan ng lugar ng botohan sa oras nang pagboto. Ibig sabihin hindi mo puedeng pag-usapan o ipakita ang kahit anong bagay pangampanya para sa mga kandidato o mga isyu sa balota sa lugar na botohang iyon.

Karapatan ng Botante, Tulong at Mga Alalahanin

Pagboto ng Questioned
Kung ang pangalan mo ay hindi nakalista sa registro ng presinto o wala kang identifikasyon, may karapatan kang bumoto ng balotang questioned. Ang impormasyong inyong ihahayag sa labas ng envelop ng balotang questioned ay gagamiting para malaman ang karapat-dapat para sa iyo sa pagboto at para ma-update ang impormasyon ng iyong rehistro sa pagboto. Kung sa ano mang dahilan ay hindi binilang ang lahat sa iyong balotang questioned, ipaalam sa iyo sa pamamagitan ng sulat.

Tulong sa Wika o Ibang Tulong habang Bumoboto
Kung kailangan mo ng tulong sa proceso ng pagboto, puede kang pumili ng tao na magbigay ng kahit anong tulong basta't ang taong iyon ay hindi kandidato sa posisyon sa eleksyon, hindi mo amo, ahente ng iyong amo o ahente ng unyon na iyong kinabibilangan. Maari kang tulungan sa bawat hakbang ng proceso ng pagboto, kasali ang tulong sa loob ng mismong botohan sa pagbasa at pag marka ng balota. Puede ka ring tulungan ng eleksyon board. Ito ay iyong karapatan sa ilalim ng batas federal.

Ang Division ng Elections ay nagbibigay ng tulong sa linguahe sa mga botanteng Katutubo ng Alaska na may limitadong pangunawa sa Ingles sa paggamit ng mga may alam ng dalawang linguaheng mga trabahador ng eleksyon at mga interpreters. Ang tulong sa linguahe para sa Katutubong Alaska ay magagamit sa Araw ng Halalan sa maraming mga bukiring lugar na botohan sa buong state. Sa karagdagan, Filipino (Tagalog) at Espanol na tulong sa linguahe ay magagamit sa Araw ng Election sa mga ilang komunidad sa haba ng Aleutian chain. Kung kailangan ninyo ng tulong sa linguahe, paki-pag-ugnay sa Division ng Eleksyon.

Pagpili ng Touch Screen sa Pagboto
Mayroong touch screen na puedeng botohan sa bawa't presinto. Ang touch screen ay para sa bulag, may kapansanan, at mga botanteng hindi makabasa ng mabuti. Ang botohang touch screen ng Alaska ay tulong para ang mga botanteng may kapansanan ay makaboto ng walang tulong sa pamamagitan ng paggamit ng pinalaki, pinaliwanag at madidinig na balota. Kung kailangan mong bumoto sa touch screen, ipaalam sa eleksyon board.

Botanteng May Malabong Paningin
Mayroong mga tinginan para palakihan ang balota para sa mga malabo ang paningin sa lahat ng botohan at lugar ng botohang absentee.

Ang rekording na pang radyo sa Pampleta na ito ay maaaring makuha sa bawat Rehiyonal na Opisina ng Halalan o kaya galing sa Aklatan ng Estado ng Alaska, Sentro ng Nagsasalitang Libro, na nasa Anchorage. Tawagan ang aklatan sa (907) 269-6575 para sa impormasyon.

Botanteng May Mahinang Pandinig
Ang Division ng Eleksyon ay mayroong TTY para sa pagtawag, na maaari ang may mga mahihinang pandinig na botante na makakuha ng pangkalahatang impormasyon tungkol sa eleksyon sa pagtawag sa (907) 465-3020.

Botanteng May Kapansanang Pisikal
Kung may kahirapan para sa inyo ang pagpunta sa inyong botohan, o kung may katanungan kayo tungkol sa madaling paraan para makaabot sa inyong botohan, paki paalam sa Division ng Eleksyon. Ginagawa naming lahat ng paraan para masigurado na ang mga botohan ay madaling mapuntahan ng lahat ng mamamayan ng Alaska.

Mga Alalahanin, Komentaryo o Tanong
Kung may mga alalahanin o mga komentaryo tungkol sa pagboto, o kung may mga tanong, o gusto mo nang karagdagang impormasyon tungkol sa aming espesyal na serbisyo, paki tawagan ang kahit anong pangrehiyon ng opisina ng eleksyon.

Region I **Juneau: (907) 465-3021** **Walang bayad na tawag: (866) 948-8683**	**Region III** **Fairbanks: (907) 451-2835** **Walang bayad na tawag: (866) 959-8683**
Region II **Anchorage: (907) 522-8683** **Walang bayad na tawag: (866) 958-8683** **Mat-Su: (907) 373-8952**	**Region IV** **Nome: (907) 443-5285** **Walang bayad na tawag: (866) 953-8683**

Opisina ng Direktor, Walang bayad 866-952-8683

Mga Balotang Pagpipilian sa Pangunahing Halalan

May tatlong uri ng balota – ISA lamang ang PUEDE mong

Ang iyong partidong kinasasapian na nakalista sa rehistro ng presinto ay ang tutukoy sa uri ng balota na iyong ay nararapat na botohan.

Uri ng Balota	Mga Kandidato sa Balota	Sino ang Puwedeng Bumoto sa Balotang Ito
Independenteng Alaska Demokratiko Liberal Kandidato at Mga Sukat na Balota	**Independenteng Alaska Demokratiko Liberal**	**Kahit na Sinong Nakarehistrong Botante** Partidong kinasasapian na nakalista sa rehistro ay: (A – C – D – G – L – R – N – U – V)
Republikanong Kandidato at Mga Sukat na Balota	**Republikano**	**Mga Botanteng nakarehistro bilang: Republikano, Hindi Nagpahayag At Walang Partido** Partidong kinasasapian na nakalista sa rehistro ay: (R - U – N)
Mga Sukat Lamang	**Walang mga Kandidato** Ang balotang ito ay na-glalaman ng mga sukat na balota lamang.	**Kahit na Sinong Nakarehistrong Botante**

Kung ikaw ay humiling ng isang pangunahing uri ng balota na hindi mo nararapat botohan, dapat kang bumoto ng isang may tanong na balota.

Kung nais mong bumoto para sa mga sukat na balota lamang at hindi para bumoto para sa alin mang mga kandidato, ikaw ay maaring humiling ng mga sukat na balota lamang.

Pagboboto Para sa Mga Hindi Makakarating

Pagboboto ng Maaga / Personal / Sa Pamamagitan ng Koreo / Elektroniko at Para sa Mga Espesyal na Pangangailangan na Pagboboto

Mayroong iba't ibang mga pagpipilian sa pagboboto na naroon sa bawat halalan. Ikaw ay maaaring bumoto ng isang di makakarating na boto ng personal, sa pamamagitan ng koreo, sa pamamagitan ng paksimile o sa pamamagitan ng boto sa isang balota para sa may espesyal na mga pangangailangan sa pamamagitan ng isang personal na representante.

Pagboboto ng Maaga o Hindi Makakarating ng Personal
Simula sa **Agusto 13, 2012**, ikaw ay maaaring bumoto sa isang lugar na pinagbobotohan para sa mga hindi makakarating. Ang mga balota para sa lahat ng 40 mga distrito ay maaaring makuha sa lahat ng mga opisina na pang Rehiyonal na mga Halalan. Dagdag sa mga opisina ng pang Rehiyonal na mga Halalan, mayroong maraming ibang mga lugar ng pagbobotohan sa lahat ng parte ng Alaska na magkakaroon ng mga balota para sa mga kanilang bahay distrito. Para sa karagdagang impormasyon o para sa isang tala ng mga lokasyon para sa pinagbobotohan ng mga hindi makakarating, bisitahin ang aming website o makipag-ugnayan sa isang opisina ng pang Rehiyonal na mga Halalan.

Pagboboto ng May Mga Espesyal na Pangangailangan
Kung hindi mo kaya pumunta sa mga pook na pinagbobotohan dahil sa edad, malubhang karamdaman o pagkabalda, ikaw ay maaaring magkaroon ng isang personal na representante para kumuha at maghatid sa iyo ng isang balota simula 15 na mga araw bago ang isang halalan sa isang lugar na pinagbobotohan ng mga hindi makakarating o sa Araw ng Halalan sa pook na pinagbobotohan. Ang iyong personal na representante ay maaaring maging sino na may edad na lagpas ng 18, maliban sa isang kandidato para sa opisina sa halalan, taga-empleyo ng botante, isang ahente ng taga-empleyo ng botante, o isang opisyal o ahente ng unyon ng botante.

Pagboboto sa Pamamagitan ng Koreo o Elektroniko
Ang Opisina ng mga Sangay ng Halalan sa Anchorage ay humahawak ng lahat ng mga hindi makakarating na mga aplikasyon sa pamamagitan ng koreo at elektronikong aplikasyon. Para bumoto sa pamamagitan ng koreo o elektroniko, ikaw ay dapat na magsumite ng isang aplikasyon.

Hindi Makakarating sa Pamamagitan ng Koreo
Ang mga aplikasyon para sa balota ng mga hindi makakarating ay maaaring maisumite pagkatapos ng Enero 1 ng bawat taon ng halalan. Ikaw ay maaaring humiling ng isang balota para sa partikyular na halalan o para sa lahat ng mga halalan sa taon. Ang **mga aplikason para sa balota ng mga hindi makakarating sa pamamagitan ng koreo para sa Pangunahing halalan ay dapat na matanggap sa pagsapit ng Agusto 18, 2012.** Mag-aplay ng maaga upang makasiguro na nasa oras ang paghatid ng iyong balota. Ang iyong binotong balota ay dapat na minarkahan sa o bago ang Araw ng Halalan.

Hindi Makakarating sa Pamamagitan ng Elektronikong Transmisyon
Ang pagboboto sa pamamagitan ng elektronikong transmisyon ay dapat na maging iyong huling alternatibo para sa pagbigay ng balota. Ikaw ay maaaring mag-aplay para sa elektronikong pagboto sa **Agusto 13, 2012 hanggang 5:00 ng hapon Oras ng Alaska sa Agusto 27, 2012**. Maaari mong ibalik ang elektronikong balota sa pamamagitan ng koreo o sa elektronikong pagpapadala. **Kung iyong ibabalik ang iyong binotong balota sa pamamagitan ng elektroniko, ito ay dapat na matanggap ng di lalagpas sa 8:00 ng gabi Oras ng Alaska sa Araw ng Halalan.** Kung iyong ibabalik ang iyong binotong balota sa pamamagitan ng koreo, ito ay dapat na minarkahan sa o bago ang Araw ng Halalan.

Kung ikaw ay may mga tanong tungkol sa pagboboto sa pamamagitan ng koreo o elektroniko, manyaring makipag-ugnayan sa (907) 375-6400 o walang bayad (877) 375-6508.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagboboto ng hindi makakarating, makipag-ugnayan sa kahit aling opisina ng mga Sangay ng Halalan o bumisita sa aming website sa:

www.elections.alaska.gov

Aplikasyon ng Balota Para sa Hindi Makakarating Para sa State ng Alaska

Ang aplikasyong ito ay DAPAT na matanggap HINDI LALAMPAS 10 ARAW bago mageleksyon – MAGAPLAY NG MAAGA

1. Ipadala ang balota para sa: ☐ Lahat ng Eleksyon (sa kalendaryong taon) ☐ Primary (Augusto) ☐ General (Noviembre) ☐ REAA/CRSA (Octobre) ☐ Espesyal na Eleksyon

Para humiling na padalahan ng Balotang pang Mail para sa Hindi Makakarating para sa panlunsod/pambayan na eleksyon, dapat magaplay sa munisipio ng iyong lunsod/bayan.

2. Kailangang kumpletohin ang bahaging ito para makarehistro:

☐ Oo ☐ Hindi Ako ay citizen ng United States.

☐ Oo ☐ Hindi Ako ay may labing 18 gulang na o magiging 18 gulang sa loob ng 90 araw.

Huwag ng ituloy ang pagkompleto ng form na ito kung "Hindi" ang sagot sa kahit isang tanong.

3. Apelyido **First Name** **Middle Initial** **Suffix (Sr., Jr., Atbp.)**

4. Pangalan Dati Kang Nakarehistro **5.** *Voter Number sa Alaska:_____(Kung alam)

6. Kailangang ilagay ang address ng iyong bahay o tirahan – hindi puede ang PO Box, PSC, HC o RR address

ng Bahay Kalye Apt/Unit# Lunsod State

_____ _____ _____ _____ **ALASKA**

Kung ang address na pinagpapadalahan sa iyo ng iyong mga mail ay KAKAIBA sa address ng iyong bahay o tirahan, at gusto mong manatiling konfidensyal ang address ng iyong bahay o tirahan, markahan itong sumusunod na box. * ☐ Oo, paki panatilihing konfidensyal ang address ng aking bahay o tirahan.

7. Permananteng Mailing Address

_____

_____

_____

_____

8. *Pagkakakilanlan– Kailangang magbigay kahit ISA

SSN o Huling 4 ng SSN: _____/_____/_____

Driver's License sa Alaska :_____

State ID Card No. sa Alaska :_____

☐ Hindi pa ako nabibigyan ng kahit anong numero o card na nabanggit sa taas.

9. *Petsa ng Kapanganakan – Kailangang ibigay _____/_____/_____
Buwan Araw Taon

10. Kasarian: ☐ Lalaki ☐ Babae

11. Kinasasapiang Political – Para sa impormasyon na mapagpipiliang politikal na kinasasapian sa Alaska, tingnan ang intruksyon Bilang 7. Isulat ang kinasasapiang politikal dito:_____ (Ang balotang ipadadala sa inyo para sa primary eleksyon ay base sa iyong kinasasapiang politikal.)

12. Para sa Botanteng Militar at mga Nasa Labas ng Bansa LAMANG – Magmarka ng Isa

☐ Ako ay isang miyembro ng Nagseserbisyong Naka-uniporme o marinong kasalukuyang naninilbihan sa mga bapor na pangkalakal, o kanilang mga karapat-dapat na asawa o anak.

☐ Ako ay U.S. citizen na pansamantalang naninirahan sa labas ng bansa.

Paano mo gustong ipadala sa iyo ang balota? – Mag check ng isa

☐ Mail – Ibigay ang address ng padadalahan ng balota sa box 14.

Fax – Ibigay ang numero ng fax sa box 13.

13.*Para Makatawag sa iyo: (Ilagay ang buong numerong i-da-dial ng aming opisina.)

Numero ng Telepono pangaraw: _____

Numero ng Telepono panggabi: _____

E-Mail Address: _____

Numero ng Fax: _____

Ilagay ang buong numerong i-da-dial ng aming opisina.

14. Mailing Adddress para sa Balota

☐ Markahan para ipadala ang iyong balota sa permanenteng mailing address na nakasulat sa itaas o magbigay ng ibang address na padadalahan ng inyong balota:

_____

_____

_____

15. *Pumili ng Balota para sa Primary Eleksyon. (Sa Agosto Lamang) Para mapadalahan ng balota, DAPAT pumili ng ISA. **Tingnan ang mga instruksyon para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagpili ng balota.**

☐ Balotang kasama ang mga kandidato ng Alaskan Independence, Democratic, Libertarian at (mga) Panukalang Batas

☐ Balotang kasama ang mga kandidato ng Alaska Republican at (mga) Panukalang Batas

☐ Balota ng (mga) Panukalang Batas LAMANG (walang mga kandidato)

16. ☐ **Para sa Militar at sa Mga Nasa Labas ng Bansa na mga Botante:** Markahan dito kung pumili ka sa ilalim ng Bilang 12 at gustong tumanggap ng mga balota sa dalawang kasunod na pangkaraniwang nakatakdang General Eleksyon.

17. ☐ **Espesyal na Paunang Balota:** Markahan dito kung ikaw ay titira, magtratrabaho, o maglalakbay sa labas ng U.S. o kung ikaw ay nasa isang liblib na lugar ng Alaska at nais mkatanggap ng Espesyal na Paunang Balota. Ang mga balota ay ihuhulog sa mail mula 60 araw bago eleksyon. Tingnan ang instruksyon bilang 9 para sa karagdagang impormasyon tungkol sa espesyal na balotang ito.

18. Certifikasyon ng Botante. Basahin at Lagdaan: Ako ay sumusumpa o nagpapatunay, sa ilalim ng kaparuhasan ng perjury, na: Ang impormasyon na aking ipihayag dito ay totoo, wasto, at kumpleto sa aking buong kaalaman at ako ay karapat-dapat na bumoto sa aking hiniling na kinasasakupan. Hindi ako humiling ng balota sa ibang state, at hindi boboto sa iba pang paraan sa (mga) eleksyong ito. Pinatutunayan ko ring ako ay mamamayan ng Alaska at at hindi pa nahatulan ng felony, o kung nahatulan man ay napalaya na walang kondisyon sa pagkakakulong, probation at/o parole. Ako ay hindi rehistrado sa ibang state o gumawa na ako ng mga kinakailangang hakbang para mapawalang bisa ang pagkakarehistrong iyon. **BABALA: Kung ikaw ay magbibigay ng maling impormasyon sa aplikasyong ito ikaw ay maaring mahatulan ng felony at/o misdemeanor. (AS 15.56.040; AS 15.56.050)**

***Lagda** _____ **Petsa** _____

Tagapagparehistro/Ahensya/Opisyal – Icheck ang ID at kumpletohin ang bahaging ito

Pangalan ng Tagapagrehistro _____Voter # o SSN_____

For Office Use Only

D/P_____ VN_____

*Ang mga ipinahayag sa aplikasyong ito ay pinanatiliing konfidensyal ng Division of Elections at hindi maaring suriin ng publiko maliban sa konfidensyal na bahay o tirahan na maaring ipaalam sa mga ahensiya ng gobyerno o habang nagproproseso ng eleksyon ayon sa batas ng state.

C06-T (Rev. 05/31/2011)

State ng Alaska – Division of Elections

Aplikasyon ng Balota Para sa Hindi Makakarating

Puede mong gamitin ang aplikasyong ito para humiling ng balota para sa hindi makakarating para sa federal at state na eleksyon na pinangangasiwaan ng Division of Elections. Maari rin gamitin ang form na ito kasabay humiling na padalhan ng balota at makarehistro. Kung ikaw ay hindi pa rehistrado, ang aplikasyong ito ay DAPAT na matanggap o ma- i-postmark HINDI LALAMPAS 30 ARAW bago mag eleksyon. Kung ikaw ay registrado, itong aplikasyon na ito ay DAPAT matanggap 10 araw bago mag eleksyon.

Sa pagkakumpleto ng Aplikasyong ito kailangang ibigay:

1. **Tirahan sa Alaska kung saan mo ipinahahayag na ikaw ay Naninirahan** – Kumpletong pisikal na address ng tirahan sa Alaska ay kailangang ilagay. Ang pisikal na address ng tirahan ay ginagamit para maitalaga ang iyong distrito at presinto ng pagbobotohan. Ang iyong aplikasyon ay hindi ipoproseso kung hindi ito ilagay, o ang ilagay ay PO Box, HC Box, PSC Box, Bilang ng Ruta na Rural, Commercial Address o Mail Stop sa bilang 6 ng aplikasyon.

Kung ang iyong tirahan ay may nakatakdang numero ng bahay, ibigay ito at ang iyong kalye. Kung walang numero ng bahay at kalye, ibigay ang direksyon kung saan kayo nakatira tulad ng, pangalan ng highway, bilang ng milepost, daungan ng barko kasama ang bilang ng pier at puwesto, pangalan ng subdibisyon kasama ang number ng lote at hanay o pangalan ng trailer park at and bilang ng puwesto. Kung ikaw ay nakatira sa rural village sa Alaska, maaring ibigay ng pangalan ng kumunidad bilang address ng bahay o tirahan.

Nasa labas ka ba ng Alaska at gustong magrehistro? Kung gayon, at ikaw ay may intensyon na bumalik (aktibong nagsisilbi sa military at mga asawa ng militar ay hindi kinakailangang ganito ang intensyon), maaring panatilihin ang address ng bahay o tirahan na nasa inyong kasalukuyang rekord. Kung may bagong bahay o tirahan na ibibigay, dapat nasa Alaska.

2. **Katibayan ng Pagkakakilanlan –** Ang iyong pagkakakilanlan ay dapat mapatunayan. Kung ikaw ay nabigyan ng Social

Security No., Driver's License sa Alaska o State ID card sa Alaska, kailangang magbigay ng kahit sa bilang 8 ng aplikasyon. Kung hindi ka pa nabibigyan ng kahit anong numero o card na nabanggit sa taas, markahan ang nararapat na kahon.

3. **Araw ng Kapanganakan** – Kung ikaw ay hindi magbibigay ng petsa ng kapanganakan, ang iyong aplikasyon ay hindi ipoproseso.

4. **Sa pamamagitan ba ng mail o fax o PDF file sa email isusubmit ang iyong aplikasyon?** Kung gayon, at kung ikaway hindi pa nakarehistrong bumoto sa Alaska, ang iyong pagkakilanlan ay **dapat** na mapatunayan pagparehistro o sa unang pagkakataong bumoto. Kung nais mong masiguro na mapapatunayanang iyong pagkakilanlan sa panahon ng iyong pagparehistro, magsubmit ng kopya ng isa sa mga sumusunod:

- Kasalukuyan at valid na photo ID
- Driver's License
- Pasaporte
- State ID Card
- Birth Certificate
- Hunting and Fishing License

Kung ikaw ay hindi nakapagbigay ng katibayan ng pagkakakilanlan sa panahon ng pagpaparehistro, ikaw ay kailangang magpakita ng prueba ng iyong pagkakakilanlan sa panahon ng iyong pagboto.

5. **Ikaw ba ay nagpaparehistro mula sa labas ng Alaska?** Kung gayon, ikaw ay kailangang magbigay patunay ng paninirahan sa Alaska, tulad ng kopya ng iyong Driver's License sa Alaska, Hunting and Fishing License, dokumento ng student loan na ipinapatunay na Alaska ang iyong state ng tirahan, patunay ng pagtratrabaho sa Alaska, military earning leave and earnings statement o iba pang dokumento na sumusuporta sa iyong angkin na residente ka ng Alaska.

6. **Nahatulan ka ba ng felony?** Kung gayon, ikaw ay maaring magparehistrong bumoto lamang kung napalaya ka na walang kondisyon. Magbigay ng kopya ng iyong papeles ng paglaya kung meron man kasama nitong aplikasyon.

7. **Kinasasapiang Politikal.** Ang mga **kinikilalang partidong politikal sa ilalim** ay mga partidong natamo na ang katayuan bilang kilalang partido ayon sa Batas ng Alaska. **Partidong Politikal** ay ang mga grupong nag-apply para maging partidonog politikal ngunit hindi pa pumapasa para maging kilalang partido sa ilalim ng Batas ng Alaska. Ang mga politikal na kasasapian ay ang mga sumusunod:

Kinikilalang Partidong Politikal:
- Alaska Democratic Party
- Alaska Libertarian Party
- Alaska Republican Party
- Alaska Independence Party

Mga Grupong Politikal:
- Alaska Constitution Party
- Green Party of Alaska
- Veterans Party of Alaska

Iba:
- Nonpartisan (walang kinasasapiang partido)
- Undeclared (ayaw magpapahayag ng partido)

8. **Impormasyon sa Pagpili ng Balota para sa Primary Eleksyon** – Ang iyong kinasasapiang politikal 30 araw bago mag eleksyon magtutukoy ng balota na nararapat para sa iyo. Ikaw ay **dapat** pumili kung anong uri ng balota para sa iyo ayon sa iyong kinasasapiang politikal sa bilang 11. Kung ikaw ay walang kinasasapiang partidong politikal o grupo at hindi ka pumili nang kahit anong uri ng balota, ang iyong aplikasyon ay hindi ipoproseso para sa Primary Eleksyon.

- Kahit na sinong rehistradong botante ay maaring pumili ng balota na may kandidato ng Alaskan Independence, Democratic, Libertarian.
- Tanging ang mga botanteng nakarehistro bilang Republican, Nonpartisan o Undeclared ang maaring pumili ng balota na may kandidato na Republican.
- Kahit na sinong rehistradong botante ay maaring pumili ng Balota ng Panukalang Batas Lamang. Panukalang Batas lamang ang nasa balotang ito at walang pangalan ng kahit sinong kandidato.

9. **Espesyal na Paunang Balota** – Blanko ang balotang ito. May mga puwang para maisulat mo ang mga pangalan ng mga kandidato na nais mong iboto at ipinapadala sa pamamagitan ng mail 60 araw bago mag eleksyon. Ang balotang ito ay para sa mga botante na nasa labas ng bansa o liblib na lugar ng Alaska kung saan ang paghahatid ng sulat ay mabagal. Bukod sa 60 araw na Paunang Balota, ikaw ay padadalhan ng opisyal na balota sa mail 2 hangang 3 linggo bago mag eleksyon. Maari mong botohan at ibalik ang parehong balota. Kung ang parehong balota ay matatanggap pabalik sa tamang oras, ang opisyal na balota lamang ang bibilangin.

10. Ipadala sa mail, i-fax o i-email (lakip bilang pdf, tiff o jpg) ang kinumpletong aplikasyon sa opisina sa baba.

Division of Elections
Absentee Voting Office
619 E. Ship Creek Ave., Suite 329
Anchorage, AK 99501-1677

FAX: 1-907-677-9943
Telepono: 1-907-375-6400
Walang Bayad 1-877-375-6508 (sa loob ng U.S.)
E-Mail: akabsentee@alaska.gov

State ng Alaska
Pangunahing Halalan
Agosto 28, 2012
Opisyal na Balota ng Partido XXX

Mga Instruksiyon: Pag boto, punuang mabuti ang obal katabi ng kandidato o isyu na gusto mong iboto: ⬬

Congressman ng United States (bumoto ng isa)
◯ Kandidato
Pang State na Senador (bumoto ng isa)
◯ Kandidato
Kinatawang Pang State (bumoto ng isa)
◯ Kandidato
Panukalang Batas Bilang 1 **Panukalang Magtataaas ng Pinahigit na Malilibre sa Pantahanang Ari-arian**
Panukalang Batas Bilang 1 Ang panukalang ito ay papayagan ang isang lungsod o bayan na itaas ang bahagi ng buwis ng malilibre para sa pantahanang ari-arian mula $20,000 sa pinakahigit na $50,000. Ang uri nang malilibreng bahagi ng buwis na ito ay dapat pagbotohan at aprobahan sa pang-lokal ng halalan. Papayagan din ng panukalang ito na ang lungsod o bayan ay magpasa ng batas para i-adjust ang bahaging malilibreng ito para isalarawan ang taas ng gastos sa pamumuhay. Dapat bang maging batas ang panukalang ito? ◯ OO ◯ HINDI

Ipagpatuloy ang boto sa Kabilang Panig

Halimbawang Balota

FRONT Card 1 SEQ# 1 Tagalog

Panukalang Batas Bilang 2
Pagtatag ng isang Programa sa Pambaybaying Pamamahala ng Alaska

Panukalang Batas Bilang 2

Ang panukalang-batas na ito ay gumagawa ng Programa sa Pambaybaying Pamamahala sa Kagawaran ng Komersyo, Komunidad, at Ekonomikong Pag-unlad ("ang Kagawaran"). Ang programa ay magpapa-unlad ng bagong mga pamantayang pang-estado at lokal upang suriin ang mga proyekto sa mga baybaying mga lugar ng Estado. Ang mga pamantayang ito at mga bagong nagpapahintulot na mga pamamaraan ay isang dagdag sa umiiral na estado at pederal na nagpapahintolot na mga kinakailangan. Ang mga proyekto ng nangangailangan ng pang-estado o pederal na mga pahintulot ay susuriin sa ilalalim ng programa. Ang programa ay hindi magiging ganap na epektibo hanggang ang pag-aproba nitong mga bagong pang-estado at lokal na mga pamantayan ng Kagawaran ng Komersyo ng Estados Unidos sa ilalim ng pederal na Batas sa Pambaybaying Sonang Pamamahala.

Ang panukalang batas ay gumagawa ng isang Lupon ng Pambaybaying Patakaran. Ang lupon ay magkakaroon ng 13 na mga miyembro na hinihirang ng gobernador. Siyam ay magiging miyembro ng publiko mula sa mga baybaying lugar. 4 ay magiging mga komisyonado ng estado. Ang lupon ay magtutugma ng mga ahensya para sa pambaybayin at pang-karagatang pagpaplano. Ang lupon ay magtatrabaho kasama ang mga ahensya upang mapa-unlad at ikasatuparan ang programa. Ang lupon din ay susuriin, aaprobahan, at magtatasa sa mga planong pambaybaying distritong pamamahala. ("pang-distritong mga plano"). Ang lupon ay didirekta sa Kagawaran upang makapag-aplay para sa pagpopondo. Ang lupon ay susuriin at aaprobahan ang mga regulasyon. Ang mga miyembro ng lupon ay maaaring makatanggap ng pang araw-araw at pang biyaheng mga gastos.

Ang panukalang-batas ay tatakda ng 9 na mga baybaying distrito. Ang bawat distrito ay kukuha ng isang pangdistritong plano. Ang mga pangdistritong plano ay mangangailangan ng pag-aabropa. Para ma-aprobahan, ang pangdistritong plano ay dapat sumunod sa mga probisyon at mga regulasyon ng panukalang-batas na inaprobahan ng lupon. Ang bawat pangdistritong plano ay tatakda ng mga hangganan para sa baybaying lugar sakop sa mga pangangailangan ng pangdistritong plano. Ang mga planong pangdistrio ay magtatakda ng mga gamit ng lupa at tubig sakop sa mga pangangailanan ng distrito. Ang mga pangdistritong plano din ay tatakda ng mga espesyal na pamamahalang mga lugar at maaaring maipatupad na mga patakaran. Ang panukalang-batas ay tatakda ng mga pamantayan para sa maaaring mapatupad na mga patakaran ng distrito. Ang panukalang-batas na tumutukoy kung kalian ang isang maaaring maipatupad na patakaran ay mapipigilan ng isang umiiral na pang-estado o pederal na batas.

Ang panukalang-batas ay magbabalik ng mga baybaying distrito, mga hangganan, nga pangdistritong plano na may bias noong Hunyo 30, 2011 sa ilalim ng naunang programa sa pambaybaying pamamahala. Ang mga baybaying distrito ay kailangan na suriin ang kanilang naunang mga pangdistritong plano at isumite ang kahit anong kinakailangang pagbabago para sa pag-aproba ng lupon. Ang mga baybaying distrito na may awtoridad sa gamit pangsona o pang-lupa ay gagamiting iyong mga kapangyarihan upang ma-aplay sa kanilang mga pangdistritong plano. Kung hindi, ang mga pang-estadong ahensya ay magsasabisa sa pangdistritong plano. Ang mga lokal at pang-estadong ahensya ay aayusin ang mga gamit para makasunod sa mga pangdistritong plano. Ang nakakataas na hukuman ay magsasatupad ng mga utos ng lupon o kagawaran.

Ang panukalang-batas ay gagawa din ng Sangay ng Karagatan at Pambaybaying Pamamahala sa Kagawaran. Ang sangay na ito ay maglalabas ng pang-estadong kabuuang pagpasya at sasagot sa pederal na kabuuang pagpapasya at mga sertipikasyon. Ito ay magpapatibay ng mga regulasyong inaprobahan ng lupon. Ito din ay magbibigay ng pang plano at pamamahalang impormasyon sa mga baybaying distrito. Ang sangay ay gagawa ng isang programang pang pinansyal na tulong upang makatulong sa mga baybaying distrito na makagawa at isatupad ang kanilang pangdistritong plano.

Ang panukalang-batas ay tatakda ng mga layunin para sa programa. Ang mga layunin ay isasama ang (1) mga pangpamamahalang layunin para sa mga baybaying gamit at mga kayamanan; (2) ang koordinasyon ng baybaying pagpaplano sa pamahalaan at mga mamamayan; (3) publikong at pamahalaang partisipasyon sa programa; at (4) mangailangan ng mga pang-estadong ahensya na sumunod sa programa.

Ang panukalang-batas ay nangangailangan na pagtibayin ang mga regulasyon. Ang mga regulasyon ay aaprubahan ng lupon at saka ilalabas ng sangay. Sila ay tatakda ng pang-estadong baybaying nga pamantayan, mga pangangailangan ng pangdistritong plano at kabuuang pagsusuring pamamaraan.

Ang panukalang-batas ay papayagan ang mga rehiyonal na edukasyong pagdalong lugar ("REAAs") sa mga hindi naiayos na mga pook na gagamitin bilang Mga Baybaying Kayamanang Serbisyong Lugar ("CRSAs"). CRSAs ay aakto sa pamamagitan ng isang lupon at gagana tulad ng mga baybaying distrito. Ang Kagawaran ay maaaring haluin o hatiin ang REAAs sa mga CRSAs sa ilalim ng mga takdang kondisyon. Isang baybaying lungsod ay maaari ring maisama sa isang CRSA sa ilalim ng mga takdang kondisyon. CRSAs ay maaaring ring mabuo ng mga botante o sa pamamagitan ng isang inaprubahan ng botanteng lungsod o pang-nayong konsehong pasya. Ang mga serbisyong lugar ay maghahalal ng mga lupon kasama ang pitong mga miyembro. Ang Estado ay magpapatakbo at popondo sa halalan ng lupon ng CRSA. Sa ilalim ng ilang mga pangyayari, ang mga miyembro ng lupon ay maaaring maitalaga. Ang mga miyembro ng lupon ay maaaring naikansela. Sila ay maaaring tumanggap ng pang araw-araw at pangbiyaheng mga panggastos. Kung ang mga botante ay mabigo na bumuo ng isang kinakailangang serbisyong lugar, ang Kagawaran ay maaaring bumuo ng isang pangdistritong plano para sa lugar na isusumite sa legislatura. Sa ilalim ng mga takdang kondisyon, ang Kagawaran ay maaaring kumpletuhin ang isang pangdistritong plano para sa isang CRSA. Ang panukalang-batas ay lilikha ng isang proseso sa pag-unlad, pag-aproba at pagsasakatuparan para sa mga pangdistritong plano sa mga serbisyong lugar.

Ang panukalang-batas ay tatakda ng mga patakaran sa konstruksyon at tutukoy sa 16 na mga termino.

Ang inisyatibang ito ay dapat maging batas?

◯ OO ◯ HINDI

Halimbawang Balota

Panukalang Batas Bilang 1

Panukalang Magtataaas ng Pinahigit na Malilibre sa Pantahanang Ari-arian

PANANALITA SA BALOTA

Panukalang Batas Bilang 1
Panukalang Magtataaas ng Pinahigit na Malilibre sa Pantahanang Ari-arian

Ang panukalang ito ay papayagan ang isang lungsod o bayan na itaas ang bahagi ng buwis ng malilibre para sa pantahanang ari-arian mula $20,000 sa pinakahigit na $50,000. Ang uri nang malilibreng bahagi ng buwis na ito ay dapat pagbotohan at aprobahan sa pang-lokal ng halalan. Papayagan din ng panukalang ito na ang lungsod o bayan ay magpasa ng batas para i-adjust ang bahaging malilibreng ito para isalarawan ang taas ng gastos sa pamumuhay.

Dapat bang maging batas ang panukalang ito?

◯ Oo ◯ Hindi

BUOD NG AHENSYA NG PANG LEGISLATIBONG UGNAYAN

Itong actong ito ay tungkol sa buwis sa ari-arian. Sa ilalim ng kasalukuyang batas, bahagi ng halaga ng isang tahanan ay maaaring malibre sa mga buwis na iyon. Gumagawa nang dalawang bagay ang acto. Itinataas nito ang halaga na maaring malibre mula $20,000 hanggang $50,000 bawa't tahanan. Pinapayagan din na itataas ang malilibreng halaga kung ang gastos ng pamumuhay ay tumaas.

PAHAYAG NG HALAGA NG GASTUSIN

Inihanda ng Kagawaran ng Komersyo, Komunidad, at Ekonomikong Pagpapaunlad:
Sa pangangailangan ng AS 15.45.090(a)(4), ang Alaska Department ng Commerce, Community & Economic Development ay naghanda ng sumusunod na pahayag ng gastusin sa State ng Alaska na isinasapatupad ang batas na ipinanukala ng inisyatibo sa balota.

Ang inisyatibo sa balotang ito ay papayagan ang mga munisipyo na itaas ang opsyonal na malilibre sa pantirahang ari-arian, ayon sa pinahintulot ng AS 29.45.050(a), mula sa kasalukuyang $20,000 hanggang $50,000. Walang gastos ang state para pangasiwaan ang paglilibre. Gayon man, maaaring mawalan ng kita para sa state kung ang mga munisipyo na may mga makahulugang langis at gaas na ari-arian sa loob ng kanilang saklaw na linya ay magsa-akto ng pagkalibre sa pinakamataas na halaga. Ito ay resulta ng paglilipat ng pagpasan ng buwis mula pantahanang ari-arian sa hindi –pantahanang ari-arian.

Sa kasalukuyan, ang state ay nagpapataw ng 20 mill na buwis sa ari-arian sa lahat ng langis at gaas na ari-arian sa state (AS 43.56). Kung ang langis at gaas na ari-arian ay nasa loob ng munisipyo na pumapataw ng buwis pang ari-arian, ang pataw na pang munisiyong buwis sa ari-arian ay ibabawas sa 20 mill na natatanggap ng state; kaya ang kita ng state ay nababawasan.

Panukalang Batas Bilang 1

Panukalang Magtataaas ng Pinahigit na Malilibre sa Pantahanang Ari-arian

Ang panukala ay pinapayagan na ang pagkalibre "ng hanggang $50,000" at ang munisipyo ay maaaring pumili kung paano ito kalkulahin. Sa anim na munisipyo na nagbibigay ng palibre, tatlo sa kanila ang nagpapalibre ng porsyentong 10%, 20%, o 30% ng tantyang halaga hanggang sa pinakahigit. Sa anim na munisipyo na nagbibigay ng paliibre, apat sa kanila ay mayroong makahulugang langis at gaas na ari-arian: ang North Slope Borough, ang Fairbanks North Star Borough, ang Kenai Peninsula Borough at ang Lungsod ng Valdez.

Para matantya ang pinakahigit na kita ng state na mawawala sa pagpapatupad ng panukalang ito, aming inistima na ang lahat na apat ng mga munisipyong ito ay isasagawa ang paglilibre sa pinakahigit na halagang pinahihintulot, $50,000. Kung hindi babawasan ng mga munisipyong ito ang kanilang mga budget, ang singil bawat mill ay maitataas dahil sa pagbabawas sa tantyang halaga, kaya ililipat ang mas mataas na pasan sa buwis sa pang negosyo, industriyal at langis at gaas na ari-arian.

Ayon sa ganitong larawan ng pangyayari, ang tantyang pinakahigit na mawawala sa state ay $1.1 milyon sa kita sa buwis na kasalukuyang natatanggap mula sa 20 mill na pataw sa lahat ng langis at gaas na ari-arian.

KABUUANG TEXTO NG PANUKALANG BATAS

"Actong magtataas ng Pinakahigit na Malilbre sa Pantahanang Ari-arian at Maglalaan para sa Taunang Adjustments"

NA MAISAAKTO NG MAMAMAYAN NG STATE NG ALASKA:

Sec. 1. AS 29.45.050(a) ay binago para mabasang:

Maaaring alisin o ilibre o bahaging ilibre ng munisipyo ang pantahanang ari-arian sa pagbubuwis sa pamamagitan ng ordinansang pinagtibay ng mga botante sa isang halalan. Ang pag-aalis o paglilibreng pinahintulot ng sub-seksyong ito ay maaaring gamitin alinsunod sa buwis na ipapataw sa isang Service Area para pondohan ang mga espesyal na serbisyo. Ang pag-aalis o paglilibreng pinahintulot ng sub-seksyong ito ay hindi maaaring humigit sa tantyang halagang $(20,000) <u>50,000</u> para sa kahit anung tirahan <u>maliban kung ang munisipyo ay, sa pamamagitan ng ordinansa, taunang mag-adjust ng pinahintulutan-ng-botanteng pagkakalibre ng halagang kinalkula ng State Assessor para ilarawan ang pagtaas, kung mayroon man, sa taunang katamtamang gastos ng pamumuhay, ginagamit ng Departamento ng Labor sa U.S. CPI-U para sa Anchorage.</u>

Ang pananalita sa inisyatibong ito ay inilahad ayon sa sinumite ng mga nagpanukala.

Panukalang Batas Bilang 1

Panukalang Magtataaas ng Pinahigit na Malilibre sa Pantahanang Ari-arian

PAHAYAG SA SUPORTA

Ang inisyatibo, kung ipinasa ng mga botante, ay magdadagdag sa pinahihintulutang iksemsyon sa buwis ng pamahayang propyedad mula $20,000 hanggang $50,000.

Ang pang-estadong batas ay kasalukuyang nagpapahintulot sa mga bayan na maghandog ng mga bahagyang pahinga sa buwis sa mga may-ari ng mga tahanan. Sa may-ari ng tahanan, o ang may-ari na nakatira, ang iksemsyon ay tinatakpan ng pang-estadong batas sa $20,000 kada propyedad. Ang mga pagsubok na i- angat ang halaga ng iksemsyon sa $50,000 sa pamamagitan ng pagbago ng pang-estadong batas sa pamamagitan ng Lehislatura ng Alaska ay hindi naging matagumpay sa mga nakaraang taon. Ang Fairbanks North Star Borough ay pinili na direktang isakatuparan ang lehislasyon sa pamamagitan ng inisyatibong proseso ng mamamayan.

Kung ang inisyatibo ay papasa, ang mga bayan ay pahihintulutan na maghandog ng isang iksemsyon sa buwis sa pamahayang propyedad hanggang sa $50,000. Ang isang bayan ay maaring hindi isama o ilibre o bahagyang ilibre ang pamahayang propyedad mula sa pagpapabuwis sa pamamagitan ng ordinansang pinagtibay ng mga botante sa isang halalan. Ang isang hindi pagsama or paglibre ng awtorisado ng subseksyon na ito ay maaaring magamit na may paggalang sa mga buwis na isinisingil sa isang lugar ng serbisyo para pondohan ang espesyal na mga serbisyo. Ang isang paglibre ay hindi maaaring lumagpas sa tinantiyang halaga ng $50,000 para sa anumang isang pamahayan na maaring isaayos ng isang bayan bawat taon sa halagang kinalkula ng Tagatantiya ng Estado upang Makita ang pagtaas, kung mayroon man, sa taunang karaniwang gastos ng pamumuhay, gamit ang Kagawaran ng Trabaho ng U.S. CPI-U (Consumer Price Index) para sa Anchorage.

Ang lokal na pagpipilian, sa pamamagitan ng ordinansa at lokal na proseso ng halalan, ay magpapasya kung magkano ang magiging iksemsyon at kung ito ay o hindi isasaayos kada taon para sa pagpapapintog. Ang tumaas na iksemsyon ay magpapahintulot sa mga may-ari ng mga tahanan ng kaluwagan mula sa buwis. Ito rin ay magbibigay sa mga bayan ng isang kasangkapan kapag isinasaalang-alang nilang pag iba-ibahin ang kanilang daloy ng kita.

Nadine Winters, Assembly Member, Fairbanks North Star Borough
Jim Whitaker

Ang pahayag na nakasulat sa pahinang ito ay opinyon gn may (mga) akda at inilahad ayon sa sinumite ng Division ng Eleksyon.

Panukalang Batas Bilang 1

Panukalang Magtataaas ng Pinahigit na Malilibre sa Pantahanang Ari-arian

PAHAYAG SA OPOSISYON

Mga ilang taon na ang nakaraan, ang mga botante ng Anchorage ay pinili na isakatuparan ang isang iksemsyon sa buwis sa pamahayang propyedad na nag-aaplay sa unang 10% ng tinasang na halaga hanggang sa isang limitasyon ng $20,000. Ito rin ay nagpahintulot para sa pinakamataas na benepisyo sa buwis sa mayorya ng mga may-ari ng mga tahanan at isang patas na pamamahagi ng gastos ng gobyerno. Ito rin ay nangailangan sa lahat ng mga may-ari ng mga tahanan na magbayad ng isang bahagi ng bayarin para sa mga serbisyo ng gobyerno. Ang kasalukuyang pamahayang iksemsyong programa ay maglilipat ng halos $14 na milyon ng mga buwis mula doon sa mga tumatanggap sa iksemsyon sa ibang mga nagbabayad ng buwis.

Ang isang pagbabago sa iksemsyom mula sa kasalukuyang $20,000 sa iminumungkahing $50,000 na limitasyon ay lilikha ng isang pagbawas sa base ng buwis at isang pagtaas sa singil ng buwis. Kung aaprubahan, halos $22 na milyon sa mga buwis ay maililipat sa ibang mga nagbabayad ng buwis.

Dumadating ito bilang isang surpresa sa karamihan ng mga nagbabayad ng buwis na ang pagtaas sa kredito sa pamahayang buwis ay magreresulta sa isang pagtaas sa mga buwis para sa mas mababang halagang mga tahanan. Para sa 2012 na taon ng buwis, mayroong 47,000 na mga may-ari ng mga propyedad na tumatanggap ng kasalukuyang $20,000 na pamahayang iksemsyon. Kung ang iksemsyon ay itataas sa $50,000, 32% noong mga kasalukuyang nakatala ay makikita ng isang karaniwang $30 na pagtaas sa kanilang bayarin ng buwis. Ang mga may-ari ng mga propyedad na may isang tinatantiyang halaga na mahigit sa $237,000 ay tatanggap ng isang karaniwang pagbabawas sa mga buwis ng $190. Ang pagtataas ng mga iksemsyon mula sa buwis sa propyedad ay hindi nagbabawas sa pangangailangan para sa mga serbisyo mula sa gobyerno o ang gastos ng mga serbisyong ibinibigay; ibinababa lang nito ang base ng buwis. Kung ang gastos ng gobyerno ay mananatiling pareho, at ang base ng buwis ay binawasan, kung ganoon ang singil sa buwis ay dapat na maitaas para mabayaran ang mga bayarin.

Ang epekto sa mga may-ari ng mga tahanan ay hindi ang buong kwento. Sapagka't ang pamahayang iksemsyon ay hindi nag-aaplay sa mga pang-negosyong personal na propyedad o sa komersyal na real estate, ang mga may-ari ng propyedad na iyon ay makikita ang isang pagtaas sa mga buwis. Ang pang-negosyong personal na propyedad at komersyal na real estate kumukwenta para sa 37% ng base ng buwis. Ang mga may-ari ng hindi-pamahayang propyedad ay makikita ang isang pagtaas sa kanilang mga bayarin sa buwis kung ang iksemsyon ay tataasan. Ang $22 na milyong paglipat ng buwis ay mapupunta sa 38% ng mga tahanan na hindi kasama sa programa, mga may-ari ng mga mababababang halagang mga tahanan, at ang mga may-ari ng mga kaugnay sa negosyong mga propyedad sa komunidad.

Kasama doon sa mga hindi tumatanggap ng iksemsyon ay ang mga may-ari ng mga apartment. Ang paglipat ng mga buwis ay magreresulta sa mas mataas na mga buwis ng propyedad at kaya, ang pataas na tindi sa mga upahan. Dahil ang mga nagrerenta ay tipikal na mga representante ng pinakamababang pang-sosyo ng grupo, ang iminungkahing pagtaas sa pamahayan apektadong mga iyon kung sinong hindi bababa sa kaya nito.

